# Pagsampa ng Reklamo Laban sa Diskriminasyon sa Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil

Enero 2011

## Panimula

Ang Office for Civil Rights (OCR-Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil ) ay nagpapatupad ng limang pederal na batas sa karapatang sibil na nagbabawal ng diskriminasyon na may kinalaman sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, kapansanan at edad sa mga programa o aktibidad na tumatanggap ng pederal na pinansiyal na tulong na mula sa Kagawaran ng Edukasyon (ED). Ang diskriminasyon na may kinalaman sa lahi, kulay o bansang pinagmulan ay ipinagbabawal sa Pamagat VI ng Civil Rights Act of 1964; ang diskriminasyon na may kinalaman sa kasarian ay ipinagbabawal sa Pamagat IX ng Education Amendments ng 1972; ang diskriminasyon na may kinalaman sa kapansanan ay ipinagbabawal sa Bahagi 504 ng Rehabilitation Act of 1973 at sa Pamagat II ng Americans with Disabilities Act of 1990 (Ipinagbabawal sa Pamagat II ang diskriminasyon na may kinalaman sa kapansanan sa mga pampublikong lugar, tumatanggap man sila o hindi ng pederal na pinansiyal na tulong ); at ang diskriminasyon na may kinalaman sa edad ay ipinagbabawal sa Age Discrimination Act of 1975.

Sinasakop ng mga batas sa mga karapatang sibil na ito ang lahat ng mga ahensiya ng edukasyon sa estado, sistema ng edukasyon sa elementarya at sekondarya, kolehiyo at unibersidad, paaralang bokasyonal, paaralan para sa pag-aangkop, ahensiya ng estado para sa bokasyonal na rehabilitasyon, aklatan at museo na tumatanggap ng tulong na pinansiyal mula sa ED. Ang mga programa o aktibidad na tumatanggap ng mga pondo mula sa ED ay kinakailangang maglaan ng mga tulong, benepisyo o serbisyo sa paraang walang diskriminasyon. Ang mga naturang tulong, benepisyo o serbisyo ay maaaring kasama, ngunit hindi limitado sa, pagtanggap, pagrekrut, pagbibigay ng tulong na pinansiyal, mga programang pang-akademiko, paggamot at mga serbisyo sa mag-aaral, pagpapayo at paggabay, disiplina, pagtatalaga sa silid aralan, pagmamarka, bokasyonal na edukasyon, paglilibang, edukasyon para sa pagpapalakas ng katawan, larong pampalakasan, pabahay at pagbibigay ng trabaho.

Ipinatutupad din ng OCR ang Boy Scouts of America Equal Access Act, na bahagi ng Elementary and Secondary Education Act . Sa ilalim ng batas na ito, maaaring imbestigahan ng OCR ang mga reklamong may kinalaman sa pagtangging magbigay ng pantay na pagkakataong malapitan o makausap, o ng diskriminasyon , sa anumang grupo na opisyal na sangay ng Boy Scouts o sangay ng iba pang mga grupong pangkabataan na nakalista sa Pamagat 36 ng United States Code, ng pampublikong paaralang elementarya, pampublikong paaralang sekondarya, o estado o ng lokal ahensiya na pang-edukasyon na tumatanggap ng pondo mula sa ED.

## Sino ang Makapagsasampa ng Reklamo Laban sa Diskriminasyon?

Maaaring magsampa ng reklamo ang sinumang naniniwalang ang isang institusyong pang-edukasyon na tumatanggap ng pederal na pinansiyal na tulong ay nagdidiskrimina laban sa sinuman ayon sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, kapansanan o edad, o naniniwala na ang isang pampublikong paaralang elementarya o sekondarya, o ang estado o local na ahensiya na pang-edukasyon ay lumabag sa Boy Scouts of America Equal Access Act. Ang isang tao o organisasyon na nagsasampa ng reklamo ay hindi kailangang maging biktima ng hinihinalang diskriminasyon ngunit maaaring magreklamo sa ngalan ng ibang tao o grupo.

## Napapanahon

Ang reklamo ay kailangang isampa sa loob ng 180 na araw ng kalendaryo ng petsa ng hinihinalang diskriminasyon, maliban na lamang kung ang panahon ng pagsasampa ay pinatagal ng OCR dahil sa magandang kadahilan na nakita sa mga partikular na sitwasyon.

## Mga Pamamaraan sa Pagsampa ng Reklamo Laban sa Institusyon

Bago magsampa ng reklamo sa OCR laban sa isang institusyon, maaaring naising alamin ng nagrereklamo ang tungkol sa mga pamamaraan ng institusyon tungkol sa mga reklamo at gamitin ang mga pamamaraang ito upang malutas ang reklamo. Gayunman, hindi pinag-uutos ng batas na gamitin ng nagrereklamo ang pamamaraan ng institusyon sa pagreklamo bago magsampa ng reklamo sa OCR. Kung gagamit ang nagrereklamo ng pamamaraan ng institusyon sa reklamo at pipiliin ding magsampa ng reklamo sa OCR, ang reklamo ay dapat maisampa ng nagrereklamo sa OCR sa loob ng 60 araw pagkatapos na makumpleto ang pamamaraan ng institusyon patungkol sa reklamo.

*Ang misyon ng Kagawaran ng Edukasyon ay itaguyod ang pag-unlad at paghahanda ng mag-aaral para sa sandaigdigang kumpetisyon sa pamamagitan ng pagsusulong ng pinakamahusay na edukasyon at pagtitiyak sa pantay-pantay na pagkakataon.*

## Paano Magsampa ng Reklamo

Ang mga nagnanais na magreklamo ay maaaring magsampa

ng reklamo sa pamamagitan ng:

**Koreo o Fax:** Maaaring ihulog sa koreo o ipadala sa pamamagitan ng fax o gamitin ng nagrereklamo ang Form ng OCR para sa Diskriminasyon na makukuha sa isa sa mga tanggapan ng pagpapatupad ng OCR (tingnan ang listahan ng mga tanggapan ng OCR sa brosyur na ito). Sa inyong sulat, mangyaring isama ang:

- Pangalan ng nagrereklamo, address at, kung maaari (bagama't hindi ito kinakailangan), numero ng isang telepono na matatawagan ang nagrereklamo sa mga oras ng trabaho;
- Impormasyon tungkol sa (mga)tao o klase ng mga tao na nasaktan bunga ng (mga) hinihinalang gawaing may diskriminasyon (ang pangalan ng mga taong nasaktan ay hindi kinakailangan);
- Ang pangalan at kinaroroonan ng institusyon na may gawa ng (mga) hinihinalang gawaing may diskriminasyon; at
- Isang paglalarawan ng (mga) hinihinalang gawaing may diskriminasyon na may sapat na detalye para maintindihan ng OCR kung ano at kailan ito nangyari, at ang basehan ng hinihinalang diskriminasyon (lahi, kulay bansang pinagmulan, kasarian, kapansanan, edad o ang Boy Scouts of America Equal Access Act).

**E-mail:** Ang mga nagrereklamo ay maaaring magsampa ng reklamo gamit ang sumusunod na email address: ocr@ed.gov. Gamitin ang parehong pamamaraang nabanggit sa itaas.

Online: Ang mga nagrereklamo ay maaaring magsampa ng reklamo sa OCR gamit ang elektronik na form para sa pagreklamo sa sumusunod na website: http://www.ed.gov/about/offices/list/ocr/complaintintro.html.

Para doon sa mga walang e-mail account sa kasalukuyan, may libreng paggamit ng Internet sa inyong lokal na pampublikong aklatan, at makagagawa ng mga libreng e-mail account sa maraming malalaking provider.

**Para doon sa mga walang e-mail account sa kasalukuyan, may libreng paggamit ng Internet sa inyong lokal na pampublikong aklatan, at makagagawa ng mga libreng e-mail account sa maraming malalaking provider.**

**U.S. Kagawaran ng Edukasyon**
Arne Duncan
*Kalihim*

Enero 2011

## Headquarters

U.S. Department of Education
Office for Civil Rights
400 Maryland Ave. SW
Washington, DC 20202-1100
Serbisyo para sa Kostumer: 800-421-3481
Fax: 202-453-6012
TDD: 877-521-2172*
E-mail: OCR@ed.gov
Web: http:www.ed.gov/ocr

# Mga Tanggapan at Address

**Connecticut, Maine, Massachusetts, New Hampshire, Rhode Island, Vermont**
Office for Civil Rights, *Boston Office*
U.S. Department of Education
5 Post Office Square, 8th Floor
Boston, MA 02109-3921
Telepono: 617-289-0111*
Fax: 617-289-0150
E-mail: OCR.Boston@ed.gov

**New Jersey, New York, Puerto Rico, Virgin Islands**
Office for Civil Rights, *New York Office*
U.S. Department of Education
32 Old Slip, 26th Floor
New York, NY 10005-2500
Telepono: 646-428-3800*
Fax: 646-428-3843
E-mail: OCR.NewYork@ed.gov

**Delaware, Maryland, Kentucky, Pennsylvania, West Virginia**
Office for Civil Rights, *Philadelphia Office*
U.S. Department of Education
100 Penn Square East, Suite 515
Philadelphia, PA 19107-3323
Telepono: 215-656-8541*
Fax: 215-656-8605
E-mail: OCR.Philadelphia@ed.gov

**Alabama, Florida, Georgia, Tennessee**
Office for Civil Rights, *Atlanta Office*
U.S. Department of Education
61 Forsyth St. SW, Suite 19T70
Atlanta, GA 30303-8927
Telepono: 404-974-9406*
Fax: 404-974-9471
E-mail: OCR.Atlanta@ed.gov

**Arkansas, Louisiana, Mississippi, Texas**
Office for Civil Rights, *Dallas Office*
U.S. Department of Education
1999 Bryan St., Suite 1620
Dallas, Texas 75201-6810
Telepono: 214-661-9600*
Fax:: 214-661-9587
E-mail: OCR.Dallas@ed.gov

**North Carolina, South Carolina, Virginia, Washington, D.C.**
Office for Civil Rights, *District of Columbia Office*
U.S. Department of Education
400 Maryland Ave. SW
Washington, DC 20202-1475
Telepono: 202-453-6020*
Fax: 202-453-6021
E-mail: OCR.DC@ed.gov

**Illinois, Indiana, Minnesota, Wisconsin, Iowa, North Dakota**
Office for Civil Rights, *Chicago Office*
U.S. Department of Education
Citigroup Center
500 W. Madison St., Suite 1475
Chicago, IL 60661-7204
Telepono: 312-730-1560*
Fax: 312-730-1576
E-mail: OCR.Chicago@ed.gov

**Michigan, Ohio**
Office for Civil Rights, *Cleveland Office*
U.S. Department of Education
1350 Euclid Avenue, Suite 325
Cleveland, OH 44115
Telepono: 216-522-4970*
Fax: 216-522-2573
E-mail: OCR.Cleveland@ed.gov

**Kansas, Missouri, Nebraska, South Dakota, Oklahoma**
Office for Civil Rights, *Kansas City Office*
U.S. Department of Education
One Petticoat Lane
1010 Walnut Street, Suite 320, 3rd Floor
Kansas City, MO 64106
Telepono: 816-268-0550*
Fax: 816-823-1404
E-mail: OCR.KansasCity@ed.gov

**Arizona, Colorado, New Mexico, Utah, Wyoming**
Office for Civil Rights, *Denver Office*
U.S. Department of Education
Cesar E. Chavez Memorial Building 1244 Speer Blvd., Suite 310
Denver, CO 80204-3582
Telepono: 303-844-5695*
Fax: 303-844-4303
E-mail: OCR.Denver@ed.gov

**California**
Office for Civil Rights, *San Francisco Office*
U.S. Department of Education
50 Beale St., Suite 7200
San Francisco, CA 94105-1813 Telepono: 415-486-5555*
Fax: 415-486-5570
E-mail: OCR.SanFrancisco@ed.gov

**Alaska, Hawaii, Idaho, Nevada, Oregon, Washington, American Samoa, Guam, Northern Mariana Islands, Montana**
Office for Civil Rights, *Seattle Office*
U.S. Department of Education
915 Second Ave., Room 3310
Seattle, WA 98174-1099
Telepono: 206-607-1600
TDD: 206-607-1647
Fax: 206-607-1601
E-mail: OCR.Seattle@ed.gov

*TDD: 877-521-2172